Katipunan

Volume 12
Issue 2 *Tagpo*

Article 10

12-1-2024

“And There Was Light”: Karahasan ng Pagliliwanag sa Advanced Screening ng Some Nights I Feel Like Walking (2025)

“And There Was Light”: The Violence of Illumination at the Advanced Screening of Some Nights I Feel Like Walking (2025)

Alec Joshua Paradeza
Unibersidad ng Pilipinas Diliman, paradeza.joshua@gmail.com

Follow this and additional works at: https://archium.ateneo.edu/katipunan

Recommended Citation
Paradeza, Alec Joshua (2024) ""And There Was Light": Karahasan ng Pagliliwanag sa Advanced Screening ng Some Nights I Feel Like Walking (2025)," *Katipunan*: Vol. 12: Iss. 2, Article 10.
Available at: https://archium.ateneo.edu/katipunan/vol12/iss2/10

This Mga Rebyu is brought to you for free and open access by the Ateneo Journals at Archīum Ateneo. It has been accepted for inclusion in Katipunan by an authorized editor of Archīum Ateneo.

"And There Was Light": Karahasan ng Pagliliwanag sa Advanced Screening ng *Some Nights I Feel Like Walking* (2025)

"And There Was Light": The Violence of Illumination at the Advanced Screening of Some Nights I Feel Like Walking *(2025)*

Alec Joshua Paradeza
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
paradeza.joshua@gmail.com

Tungkol sa May-akda

Si Josh Paradeza ay isang manunulat tubong Zambales. Naging fellow siya sa iba't ibang pambansang palihan tulad ng Iyas National Writers' Workshop, Palihang Rogelio Sicat, Ateneo National Writers Workshop, at UP National Writers Workshop. Nagwagi rin siya sa ilang patimpalak kabilang ang Normal Awards, Palanca Awards, at Leoncio P. Deriada Literary Prize. Matatagpuan ang kaniyang mga kuwento sa mga antolohiya at journal gaya ng *Agos*, *Katipunan*, at *Entrada*. Sa kasalukuyan, sinusubukan niyang isapapel ang mga tinatanaw na posibilidad ng queer speculative fiction at kung paanong ang pagkukuwento ay katuwang sa pagtuklas/pagbuo ng mga malalayang bukas. Mahilig siya sa tokwa.

Some Nights I Feel Like Walking. Idinirehe ni Petersen Vargas. Black Cap Pictures at Solar Pictures, 2025.

Ngayon pinakamaliwanag ang Isetann.

Ang kadalasang naghihintay na upuan ng cinerama ay nalilimliman na ng mga nag-iinit na puwet. Ang kulambo ng alikabok sa mga pader at sahig ay di-mapalagay sa paghahalo ng boses at hininga. Ang carpet na sanay sa lamlam ng nagtatalbugang liwanag mula sa projector ay sumasalo ngayon sa bigat ng daan-daang hakbang. Ang mga aninong nagkukumpol-kumpol sa sulok ng sinehan ay napipilitang maghanap ng bagong sulok, mas singit pa sa singit, para magtago sa mga bagong dating na bisita.

August 21, 2025 nang idaos sa Isetann Cinerama Complex ang advanced screening ng *Some Nights I Feel Like Walking*, pelikula ni Petersen Vargas. Advanced screening, dahil sa susunod pang linggo—August 27—ang national release nito; advanced screening, kahit ang pelikula ay una nang naipalabas sa QCinema RainbowQC Pride Film Festival noong June 27, sa Gateway Cineplex.

Kalat online ang mga larawan ng advanced screening. Wala ako roon, pero nakita ko: malaki ang event na nagdala ng maraming tao, maging ilang mga kaibigan at kakilala, sa madalas ay tahimik na espasyo. Tahimik, dahil ang usual operations ay hindi pupuno ng sinehan. Sabi ko sa sarili, good for Isetann. Ayos ang pagdating ng maraming-maraming tao para mabuhay ang espasyo (bagamat may assumption dito na hindi buhay o naghihingalo na ang business), para mapuno ng energy ang gusali at ma-fortify ang mga sementong nag-iipon ng alikabok. Maganda iyon nang makita ng lahat ang bagong mundo pag-akyat sa tuktok na palapag, kapag nakapanhik na sa futuristic escalator, kapag sinalubong ka na ng hatian ng mga binatilyong naka-jersey at mga mas matatandang lalaking kani-kaniyang beltbag o messenger bag, at ng mga umiikot-ikot pang hindi tukoy kung saang panig, iyong paroo't parito hanggang sa mga ukay-ukay sa baba, akyat-baba ng escalator saka tatambay sa railings, sa tabi ng elevator, tabi ng mga massage chairs. Makikita nila maging ang mga ayaw magpasakop sa inisyal na dibisyong iyon, hanggang makaupo, hanggang makauwi, hanggang muling bumalik para ulitin ang paghahanap ng posibilidad sa Isetann.

Spectacle ang event, pantay sa maingay na marketing campaign. Maraming gimik—may macho dancers pa nga. Fulfilled ng gabing iyon ang promise ng lahat ng advertisement na nakita ko online para sa gabing ito: gabing puno ng libog, karugtong ng uncut at R-18 na rating ng ipapalabas.

Anong mga kamay kaya, noong gabing iyon, ang hindi mahahawakan, anong kamay ang hindi makakahawak? Anong negosasyon ang mapuputol

dahil sa dagsa ng mga bagong bisita? Anong pangangarap ang mapapatid? Sa isang banda ay may overestimation ako sa magiging impact ng advanced screening sa ecosystem ng Isetann Cinerama Complex (na mula ngayon ay tatawagin kong Isetann, na siyang mas pamilyar sa sariling bibig, parang Adele o Dulce na walang apelyido kapag ipinapakilala): gaano nga ba kalaking disruption ang maidudulot ng isang gabi sa dekadang pananatili ng kaayusan sa loob ng sinehan? Sa kabilang banda, gusto ko ring bigyan ng puwang ang pagninilay at pagbabasa sa mga bagay na kadalasan ay tingin nating "blip" lang, panandalian, at kung paanong ang mga saglit na ito ay nangungusap sa marami pang gabi. Susubukan ko, sa gitna ng kaguluhan at karahasan ng pagliliwanag, na tingnan ang posibilidad ng queer practices, spaces, at bodies labas sa binaries ng representasyon/di-representatsyon, tumaliwas sa pagbabasa at pagbibigay-kahulugan, alinsunod sa kalabuan ng "queer opacity" bilang estratehiya ng pag-iral at pangangarap (de Villiers 15).

Nitong nakaraan, tinanong ko ang ilang mga kaibigang bakla kung ano'ng katumbas ng cruising sa Filipino. May ilang nagsabing hada, pero parang may pinakamatingkad na sex act na highlighted dito; merong booking, pero parang napakapartikular din sa transaksiyon at relasyon ng kliyente at customer; meron pang lamyerda, na maaari, dahil sa aimlessness ng act, nagtatampisaw lang habang nagpapalipas ng oras. Sa ngayon, hihiramin ko muna ang tinataya ni Jomar Fleras sa "The Quintessential Book of Manners and Etiquette for Filipino Gaymen," na siyang tinayaan din ni Chuckberry Pascual sa librong *Pagpasok sa Eksena: Ang Sinehan sa Panitikan at Pag-aaral ng Piling Sinehan sa Recto*, bilang katumbas nito sa Filipino: pagrampa (Pascual 44). Sususugan ko rin ang buong pagpapaliwanag ni Pascual sa rampa (na puwede ring awra) bilang "paggala ng bakla para maghanap ng makakasamang kapwa lalaki. Madalas kaysa hindi, may konotasyong seksuwal ang pagrampa (i.e., paghahanap ng makakatalik)" (194).

Ang unang post ng Facebook page na "A film by Petersen Vargas" tungkol sa advanced screening ay noong August 19: 30-segundong video ng Isetann sa gabi, ang isang shot mula pa sa punto de bista mula sa Recto station ng LRT 2. Ang sabi sa caption, na humigit-kumulang nakatala rin sa imahen ng papel na naka-overlay sa video ng gusali, animated ang pagkakalukot at pagbubuklat nito:

> "Trip mo ba mag sine? Tara na sa AUGUST 21 sa ISETANN. The OG. IYKYK 😉
>
> You can also WIN tickets to the PREMIERE NIGHT of SOME NIGHTS I FEEL LIKE WALKING! Learn how to get your invites at 8PM tonight! G? 👀
>
> *THIS EVENT IS STRICTLY BY INVITE ONLY*"

Babasagin nito ang sariling performance ng rampa na maayos nailatag ng marketing ng advanced screening. May nibel ng lihim-lantad (IYKYK o if you know you know), public-private (strictly by invite only), at potensiyal ng talo-panalo, mga bagay na itinutulay ng/sa dilim (Pascual 190), at pipiliing ilantad at takdaan ng event sa liwanag. Tingin ko, sa ubod nito, ang advanced screening ay isang performance ng pagpapaliwanag sa mga bagay na di dapat tinututukan ng ilaw.

Labas sa/karugtong ng nagbabadyang karahasan sa bawat engkuwentro, performed ang pagrampa sa ilalim ng ilang alituntunin, kung saan ang pinakamatingkad ay ang pananatili ng sayaw sa dilim. Alam ng nanay kong babad sa sinehan na dapat umiwas sa mga sulok ng sinehan, h'wag doon sa taas, sabi niya sa akin nang magpumilit akong doon pumuwesto, may naghahalikan daw doon, doon sa malapit sa projector, eksaktong nasa ilalim ng liwanag kaya napapayungan ng dilim, bago maaninagan ang mga anino ay mabubulag muna ng liwanag. Alam niya ang kalakaran at ang posibilidad ng pakikipagkapwa ng queer bodies sa sinehan, kahit sa SM Centerpoint naman kami naglalagi noong bandang late 90s.

Kung ang pagrampa, at ang mga espasyo ng pagrampa gaya ng Isetann, ay nagiging posible lang sa dilim, at siyang nagiging lunan ng posibilidad sa pagtuklas ng queer identity at desire at possibility, ano ngayon ang epekto ng spectacle sa espasyong ito? Saan pumipihit ang mundo kung magliliwanag bigla ang Isetann?

Ang kabuoang performance ng advanced screening ay mistulang usher o guard ng moviehouse na siyang nagtututok ng liwanag sa mga parokyano, naninita, nanghuhuli, nagsusuplong sa mga kapangyarihang walang malasakit sa katawan at kaluluwang di-heterosexual. Tinataya kong sa instance ng advanced screening ay itinutok nito ang liwanag sa tatlong elemento/aspekto na bumubuo sa pagrampa bilang panlipunang praktika, at ang pagliliwanag ang nagdi-disrupt sa praktikang ito. Tinataya kong ang pagliliwanag, sa kaso ng nasabing queer spaces, ay ang marahas na pagbubunyag sa mga bagay na lihim at umiiral sa dilim.

Dilim ang sumasalubong sa bading pagpasok ng sinehan. Saka susunod ang tunog, biglang dadagundong mula sa mga hindi mailugar na speakers. Kapag napatid na ang liwanag ng lobby kung saan nagbabantay ang takilyera/guard, aalalay na ang pirming lamlam ng liwanag mula sa pelikulang ipinapalabas. Pagtalikod ay makikita ng mata ang luwag ng sinehan, ang mga upuang naghihintay. Pagkatapos ng espasyo ay ang tao: kapag nagtagal na ang mga mata sa dilim at nasanay, maaaninagan na, sa wakas, ang iba pang mga katawan—nakaupo, gumagalaw, lumilipat ng puwesto, naghihintay.

Taliwas sa lohika, at lamyos, ng pagpasok ng mga di-heterosexual na katawan sa espasyong di-heterosexual, ang usher o guard (na siyang personification ng advanced screening) ay may bitbit na sariling liwanag. May nagsumbong siguro sa labas, at para pakalmahin ang nagrereklamo ay papasok ito para manigurado—o magbabala. Aksidenteng nasinagan kaya bahagyang titigil ang lahat sa paggalaw, nag-aabang ng kumpirmasyon kung nahuli na nga ba sa ginagawa o hindi.

Ang unang akto ng pagliliwanag ay ang pelikula mismo—at least, ang impression ng pelikula, mula sa kaniyang trailer at publicity materials na available online. Tungkol ito sa rampa, o, kahit papaano, ay maglalaman ng tungkol dito. Sa minimum ay bibida ang mga tauhang sangkot sa pagrampa. Sa trailer na inilabas sa YouTube page ng Tallinn Black Nights Film Festival, ipakikita ang eksena ng mga artistang si Miguel Odron at Jomari Angeles, parehong nakasandal sa pader na pinaskilan ng mistulang poster ng mga luma-bago at totoo-gawa-gawang pelikula. Magtititigan ang dalawa hanggang zoom out, hanggang lumitaw ang isang ulong taas-baba sa bewang ng dalawang lalaki. Sabay ng pabilis nang pabilis na paghingal ang paglalapit ng mga nakabuka nilang bibig. Ito rin ang unang kumalat na clip sa X, formerly Twitter, na siyang ikinabaliw ng maraming bakla.

Marami nang pelikulang tungkol sa bastusan sa sinehan, at tingin ko'y basta't pinayagang maipalabas, sa anumang rating, ay hindi masyadong makapipinsala sa lihim-lantad na estado ng mga rampahan. Ang rating ng MTRCB ay basbas sa pagkapelikula nito, sa karapatan nitong maipalabas at mapanood. Ang legitimizing act na ito ng MTRCB, na siyang ekstensiyon ng heteronormative na estado/lipunan, ay ang marahas na pagtatakda sa queer gestures/act bilang kabasa-basa. Pagbabanta ang permisong maipalabas: dahil kabasa-basa, maaaring sa isang iglap, ay mapatawan ng parusa. Kaunting lagpas, kaunting mintis—iyon lang ang kailangan.

Sa isang banda, may mga pelikulang naglalaman ng rampa na napananatili ang kalabuan nito, ang di-mailagay na sayaw at di-matakdaang mga kilos.

Ipakikita pa sa pelikulang *Goodbye, Dragon Inn* (2003) ni Tsai Ming-liang ang minsang kakatwang mga sandali sa mga dapat ay tensiyonadong tagpo. Sa isang eksena, rumarampa ang lalaki sa loob ng banyo. Sa tagal ng timplahan, kung lalaban ba o babawi ang mga kasabay niyang umihi sa urinal, mauubos na ang sigarilyong sinindahan ng lalaki sa kaniyang kanan, may mga pumasok na't lumabas mula sa iisang stall, at maging ang maghuhugas lang sana ng kamay ay napirmi na sa tapat ng salamin, mukhang nag-aabang din sa maaaring matunghayan.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Absurd ang displacement nila sa oras. Nakikipagtalaban ang mga kilos nila't pagmumuwestra sa logic na hinihingi ng banyo: kung iihi ay iihi ka lang, o dudumi, at pagkatapos ay maghuhugas ng kamay, baka mag-ayos ng buhok o damit o magbasa ng mukha, pero kung walang paki ay lalabas na at babalik sa pelikula, dahil wala sa banyo ang palabas, kung sa heterosexual na katawan sa heterosexual na espasyo. Pero iba nga ang sinehan gaya ng sinehan sa *Goodbye, Dragon Inn*, gaya ng Isetann. Nananatili lang sa limbo nang mas matagal (sabay na nakakatawa at nakaka-frustrate), dahil masyadong maliwanag ang banyo. Kung ang pagrampa, sa usual nitong arena (sa dilim, sa mga sulok) ay nangangailangan ng pasensiya at oras at pagtitimpi, sadyang mapababagal pa ng liwanag ang proseso.

Patutunayan ito ng isa pang eksena, sa loob naman ng sinehan. Dahil iisa lang ang source ng liwanag—ang ipinapalabas na pelikula, siyang huling pelikulang ipinapalabas sa buong sinehan bago ito tuluyang magsara—malayang nakagagalaw ang mga tao. Mabilis na pumapaling ang mga ulo sa dumaraan, malayang sinisipat ng mga mata ang mga nakaupo sa paligid. Sapat ang liwanag para makita ng kamay ang tuhod, ang binti; sapat para makita ang pagtanggap o pagtanggi.

Binanggit na ni Pascual ang kabalintunaan ng pagpapaliwanag, na siyang ginagawa ng panitikan, ng pelikula, maging ng pagtatangka kong ito: maaaring tingnan ang mga ito bilang matiim na paglalahad sa mga bagay na di dapat malantad, at therefore magpapabagal sa pag-usad ng mga katawan sa realization ng kanilang desire-identity-possibility. Bawi niya, na siya ring sususugan ko: hindi sa anumang liwanag, nanggaling man sa loob o labas, ang ugat ng karahasan at pagko-corner sa di-heterosexual na katawan sa mga espasyong ito. May kapangyarihang nagpipilit na maglihim-magbunyag. Ngunit, sabay ng pagtanaw ko rito ang pagkilala na maaaring makapaminsala o makapanakit, sadya man o hindi, sa basta-bastang pagtutok ng liwanag, lalo na sa mga espasyong di-handa, di-pumapayag, at/o sadyang di-kabasa-basa. Nararapat din lamang na aninagan ang liwanag na ginagamit para aninagin ang queer subject.

Ang ikalawang beses ng pagliliwanag ay ang sadyang pagpili ng venue para sa advanced screening. Mismong ang direktor ang magsasabi na nasa disenyo ng pelikula—ng bukal nito at ng tradisyong sinusundan nito—ang pagdaraos ng advanced screening sa Isetann. Ang usher ay babalik dahil may isa na namang magrereklamo sa kaniya, "Kuya meron na namang bastos." Babalik ang ang usher/guard/kamay na may hawak ng flashlight at ibabaling ito sa mga aksidenteng nahagip kanina. Ngayon, ang gesture ay isang pagbabadya.

Sa video na uploaded ng Cinema Bravo sa YouTube, magsasalita si Vargas bago magsimula ang advanced screening. Pasasalamatan niya ang mga bisita

na naroroon, ang mga cast at crew na dumayo para sa pelikula, at hihingi pa ng dagdag na suporta para sa pagpapalaganap nito dahil limited venues lang ang nagpaunlak sa pelikula (kinalaunan ay magpapasalamat ang produksiyon sa isa pang Facebook post dahil nadagdagan pa ang mga pagpapalabasan ng pelikula, kabilang ang Glorietta, Gaisano Davao at Gaisano Tagum, at Fishermall QC at Malabon). Sasabihin niya:

> Gusto ko lang din i-shoutout 'yung Isetann Recto: we want to pay tribute and celebrate this space that held dearly mga queer indie films, even from way-way back. Gusto lang naming magbigay-loob doon sa espasyong ito. It makes me happy to bring the film here. ("SOME NIGHTS I FEEL LIKE WALKING Movie Premiere," sariling transkripsiyon)

Tila kinalilimutan ng advanced screening at ng buong spectacle ang disenyo ng liwanag-dilim ng sinehan, na siyang nag-aanak ng espasyong iniinugan ng/para sa rampa. Ang mga materyales na ginamit sa pagtindig ng sinehan ay sadyang pinili para sa panonood ng pelikulang ipinapalabas sa screen—para ito sa optimal movie experience, ang katangi-tanging karanasan na hindi magagaya sa panonood sa telebisyon o laptop, papangarapin lamang ng mga nanonood sa kani-kanilang bahay. Nariyan ang blackout curtains na humaharang sa direktang tama ng ambient light, ang mga acoustic panels na humuhuli ng ligaw na liwanag at tunog, ang mga non-reflective na balot ng upuan na nagpapalamlam sa liwanag sa bawat talbog nito sa paligid.

Sa video, kitang-kita ang lakas ng liwanag na nakatutok sa direktor, cast, at mga host na nag-aabot ng mikropono. Sa likod nila, kitang-kita rin ang hindi maitagong mga plywood na siyang sumusuporta sa patuloy na pagtindig ng Isetann. Ibinubuyangyang, o di kaya ay tinatakdaan, ng naglalakasang liwanag na ang Isetann ay gusaling nililimot na ng panahon, pinababayaan. Naghihingalo na ang Isetann at nabubuhayan na lang sandali tuwing dinarayo para sa mga espesyal na okasyong gaya nito. Maaalala na lang ang Isetann mula sa Recto station, gaya ng sa unang publicity material ng advanced screening, kapag sasakay patungong Cubao o lilipat ng linya sa Doroteo Jose, mawawala rin sa hinagap kapag umandar na ang tren.

Sa Isetann ako unang rumampa. Bagong salta (o bagong balik) sa Maynila mula probinsya. First year college ako pumasok sa Isetann, na ang tanging baon lang ay ang mga kuwento at paalala ng mga sinusundang blog. Dito ipinapalabas ang mga mapupusok na indie films na poster lang at mga larawang behind-the-scenes ang nahahagilap ko sa internet. Sabi ni Bb. Melanie sa isang post sa blog na "Todo sa Bongga," "kung katherine luna ang feyk-feyk, ipakilala mo muna siya kay pedrong palad. Baka maibsan ang 'itchy' feeling." Unang-una ito sa listahan ng mga paalala para maging ligtas sa pagdayo sa mga rampahan. Sa kaso ko, hindi sapat ang mga palad para

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

maibsan ang pangangati ng isip, ang kagustuhang malaman at makita para sa sarili. At nalaman ko nga at nakita para sa sarili. Ilang beses pa, lalo na 'pag bored at walang mapuntahang kaibigan. Doon ko rin nakilala ang hitsura ng karahasan, ng pagpapawis nang malamig dahil biglang may bayad na hihingin ang kausap samantalang malalim na ang butas ng sariling bulsa.

Sa isang write-up para sa *Vogue*, ilalatag ni Lawrence Alba ang assumption na ang representasyon ng performance at spectacle ng advanced screening ang representasyon na nagdurugtong sa Isetann sa mga kalye ng Maynila. Na dapat dalhin ang mga bagay na hindi nakikita sa sinehan, gaya ng ukay-ukay, ng sorbetero, ng massage chair, at macho dancer, para ang sinehan ay maging Maynila.

Dagdag naman ng direktor sa parehong write-up:

> ... I wanted to continue that tradition of making a film about Manila, but this is a Manila of the outsiders, a Manila that is not essentially about the characters that you see in your daily commutes. These are characters that are hiding in clandestine corners and the seedy underbelly of Manila and how it could reflect the conditions of the city and the conditions of Manila I know. (Alba)

Gusto kong tanungin kung anong mga sasakyan at saang mga eskinita hindi makasasabay ang mga tauhan ng pelikula. Sino ang mga ikaw na binabanggit ni Vargas na siyang hindi makasasalamuha ang mga regular at parokyano ng sinehan? Sino ang mga ikaw na siyang malayong-malayo sa mga kasulok-sulukan at kasingit-singitan ng siyudad? Ano na lang ang iisipin ng mga tindera sa mga ukay-ukay at tiangge sa mismong mall, lalo na si Ate Love na pinakiusapan ko pang bigyan ako ng discount sa naswertehang Columbia windbreaker noong 2017? Nasaan kaya ang araw-araw na nagpapalamig o napadaraan o naglalagi sa Isetann, gusaling nakatindig sa puso ng Maynila?

Lumikha ang advanced screening ng isang barangay, na panandalian lang ding ititirik, itinatala ang sakop at hangganan ng teritoryo nito sa loob ng sinehan nang hindi kinikilala ang mga dati nang naninirahan dito. Kung ito ang diwang babaunin ng mga bisita pagkatapos ng advanced screening, bigo ang palabas sa pagdugtong sa tunay na kalagayan ng mall, ng mga taong sadyang dugtong ang buhay sa gusaling ito, at ng mga praktikang panlipunan na inaanak at umiinog dito.

Ang ikatlo at huling pagliliwanag ay nakatutok sa actors ng queer space—nakikita na ngayon ang balat at laman, ang nunal sa pisngi, ang kanto ng balikat, ang pagyakap ng tela ng damit sa mga dibdib at tiyan at hita. Nakatiwangwang na ang katawan sa sinehan, ang mga nabanggit nang parokyano't suki ng kalakaran, mga napadaan lang, mga first-timer, mga

naglulunsad ng research at ethnography, may pera man o wala. Ang kaninang pagbabanta at pagbabadya ay hahantong sa pagtugis.

Lalabas ang mga macho dancer at ilang minutong sasayaw sa harapan ng mga manonood. Iba ito sa tipikal na performance sa gay bar dahil kadalasan ay bawal mag-video ng mga kaganapan doon (puwede kung ikaw ang handler ng talent o promoter ng show). Kung makunan man ng video at maikalat sa social media ay okay lang, dahil ayon sa inaasahan ng matang heterosexual ang masisilayan: ang macho dancer ay nasa gay bar, hindi saanman. Nananatili ring ligtas ang lihim-lantad na pagkakakilanlan ng mga actor sa espasyong iyon dahil iba ang tama ng liwanag sa mukha nila, iniiba ng kulay, ng pagkislap nito, ang tunay na hitsura. Maaaninagan mo ang singkit na mata ng kapitbahay, ang dimples ng pinsan, ang matangos na ilong ng dating kaklase, pero baka hindi siya iyon, kamukha lang.

Sa advanced screening, ibinubunyag ng liwanag ang mga bagay na hindi kanais-nais sa matang heterosexual, sa espasyong hindi dapat. Kanina, kahit lantad na ang espasyo at ang sex act, wala pa ring mahuhuli dahil walang huhulihin. Ngayon ay mayroon na. Mas madali na ring manghuli dahil magsisilbing tanikala at hawla ang liwanag: pagdapo nito sa queer actor ay naimamapa na ang mga parteng kayang intindihin at hawakan ng heterosexual na mata, at kalaunan, itali o ikulong ng heterosexual na kamay.

Parang si Nora Aunor sa *Bulaklak ng City Jail* (1984). Ilang araw na siyang nagtatago sa mga tumutugis sa kaniyang mga pulis. Sigaw ako nang sigaw nang mamukhaan siya sa tapat ng Manila Zoo. "Takbo, Ate, takbo!" At tumakbo nga siya pero papasok ng zoo, sa hawla ng mga hayop. Kung ako lang, hindi ako dito tutungo. Uuwi ako sa probinsya, mas malayo sa sentro ng kapangyarihan ng estadong tumutugis sa akin. Pero naririto na si Nora, sa bingit ng panganganak. Sa paghahanap sa kaniya ng mga pulis ay masisita pa nila ang (heterosexual na) magkasintahang naglalampungan sa dilim. Mabubunyag ang kinalalagyan ni Superstar nang umangil ang lahat ng mga hayop (tigre at leon siguro, tunog ng mga malalaking pusa ang maririnig sa madilim na mga kuwadra) sabay ng pag-iyak ng kaniyang bagong-silang na anak. Dadagsa ang mga parak at itututok nila ang lahat ng dalang flashlight kay Nora. Si Nora, walang magawa kundi magmakaawa sa mga hindi maaninagang nilalang: "Ang anak ko; maawa kayo; hindi ako masamang tao."

Reminiscent ito sa violence ng exposed queer spaces, sa raids, at modus ng mga pulis para dakpin ang queer individuals. Sa pagiging talamak ng karahasang ito, mismong queer community na ang nagpasa-pasahan ng mga tip para makaiwas sa masasamang loob. Sa isang blog post ni Discreet Manila, isang seminar pa ang idinaos para mapagtalakayan ng mga bakla ang

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

kanilang mga karapatan oras na i-raid ang espasyong kinalalagyan nila (bar, spa, sinehan, at iba pang espasyong madidilim). Mababanggit din ni Pascual sa sariling libro na ang mga patunay sa di-heteronormative na kalikasan ng mga sinehan ay mula sa mga police reports (56). Sa *Imbestigador* ko rin unang nasilayan ang loob ng gay bar nang i-feature nila ang isang raid, kaya matagal ding natakot pumasok sa queer spaces.

Lumilitaw na hindi inherent ang care sa representation. Mapatutunayan ito, una, mula sa mga tagalabas o mga heterosexual na mata: ipakikita nila ang mga espasyong queer sa karahasan ng pagtitiwangwang ng mga gamit at mukha, paghuhubad sa espasyo, pagsisiwalat sa panghi at dilim at dumi. Pangalawa, sa mga di-heterosexual na mata, na ipinipilit ang pagkakapareho—ako ay ikaw, ikaw ay ako—para maintindihan ng heteronormative na lipunan, at nang sa gayon, ay mapahintulutang magkaroon ng karapatan at lugar.

Sa dulo ay gusto ko ring pagnilayan ang kagustuhang ito: ang kagustuhang masilayan ng liwanag at maglahad ng katotohanan, ang maglantad sa mga manonood na ako ay kapwa rin, kabaro, katulad. Kaya rin itinatanong ang mismong paglalahad ng saloobin ko sa papel na ito—imbes ba makatulong sa pagpapanatili ng lilim ay dumadagdag pa ako sa mga kamay naghuhubad ng mga damit nito at nagtitiwangwang sa kaniyang pagkakakubli?

Thank you for that wonderful question.

Naniniwala akong magiging malaya ang espasyong ginagalawan ng malayang mga katawan sa pamamagitan ng pagtuligsa sa superstructures ng heteronormative na lipunan. Ngunit, labas sa hawla ng representasyon ng closeta at sa limitasyon ng mismong talinhaga, di kaya likas ding queer ang pagtanggi sa binaries ng "in" at "out," ng public at private, dahil hindi naman talagang pirming madilim sa sinehan, at hindi rin pirming maliwanag? May mga panahong takdang patay ang ilaw at bukas, pero temporal ang mga estadong ito, at sa panonood ng pelikula ay nariyan ang malamlam na liwanag mula sa projector, at sa paminsang pagbubukas ng cellphone ng mga naliliwanagang mukha ng manonood.

Sususugan ko si de Villiers sa potensiyalidad ng queer opacity bilang estratehiya ng pag-iral at pangangarap na labas sa nagtatakdang katotohanan ng nakatutok na liwanag, lalo na sa ganang hindi lahat ng representasyon ay nag-iingat o naglilimi sa mga subject na nais nitong i-represent (6). Sa mismong representasyon nga ay puwedeng hindi primarya ang subject at buhay ng subject na itinatala kundi ang may hawak ng liwanag, ang author o filmmaker na nagwawasiwas ng flashlight na tumututok sa mga madidilim na sulok, karugtong ng kaniyang distansiya, method, at objectivity

sa pagliliwanag/pagpapaliwanag. Ilalarawan ito ni de Villiers sa gawi ng pagsusulat ng biography (11). Sa paraang ito, ang mga subject, lalo na ang queer subject, ay nagiging object na ina-analyze sa ilalim ng iba't ibang liwanag, binubutingting na makina o dina-disect na palaka. Maaaring ang pagtanggi—ang queer opactity na ilalarawan bilang pagtanaw sa figure na naliligo sa banyo at natatakpan ng puting kurtina, o kaya anino sa dilim ng sinehan na alam mong gumagalaw pero hindi matantiya kung patungo saan—ang mismong kalabuan at di-matakdaang estado ng queer subject: ng mga katawan, espasyo, relasyon ng katawan sa ibang katawan, at mga katawan sa espasyo, vice versa, and all of the above.

Naniniwala akong ang pagtrato sa kalabuang ito, ang pagtanggi sa binaries ng dilim-liwanag, gamit ang sadya at palagiang pagtanggi sa kalinawan, ang siyang bubuwag—o babaliw—sa kaayusang nagsasantabi at nagsasamantala sa di-heterosexual na espasyo at pagkatao. Una, dahil hindi na lamang mahahati sa dalawa ang panig, ng dilim o liwanag, kundi sa estadong pag-aagaw-dilim/pag-aagaw-liwanag. Ang di-mapalagay na estadong ito ang makapambabasag ng ideal/inaasahang hitsura ng pribadong katawan at pribadong relasyon na isinasapubliko, lalo na kung ang naglalabas ay ang nagmamalinis na actors ng heteronormative na lipunan. Maaaring sa kalabuang ito makahanap ng panandalian at pangmatagalang saya, at posibilidad, ng pagpuspos ng buhay at bukas na queer.

Tila may pagpapangarap din ang pagiging malabo, o ang kawalan ng urgency at frustration sa harap ng bagay na hindi matakdaan, hindi mabasa, kahit gaano pa kalakas o kalaki ang flashlight na itinututok dito. Ang posibilidad na ito ay iaanak lamang ng mga relasyon sa lipunan at ng mga available na rekurso sa atin para intindihin ang mundo at mundo ng mga relasyon. Madalas na masabi online, hindi na raw event o "big deal" ang paglabas sa closeta. Alam nating hindi masasakop ng mga statement na ito ang tunay na kalagayan, lalo na sa mga bayang gaya ng sa atin, na sabay na binabansot ng mga luma at bagong kaisipan sa sex, sexuality, sex acts, at identities. Pero baka, sa susunod na panahon, sa susunod na premiere ng ibang pelikula, ay hindi na big deal ang pagsisiwalat ng totoo, dahil wala namang isisiwalat, dahil walang nagkukubli/napipilitang magkubli/namimilit magkubli, dahil may mga bagay na sadyang malabo sa isang panahon, o sa susunod pa, at okay lang iyon.

Sabay nito, naniniwala ako sa buhol-buhol na proseso ng pagtuklas sa marami pang landas ng pagpapalaya ng mga katawan, sarili, pangarap, bukas. Sabay na iiral ang pagpupumilit na mabasa sa pagpupumilit na huwag mabasa: ilang libong kamay na magtututok ng flashlight sa dilim, "Sino 'yan? Anong ginagawa niyo diyan?" sabay sa ilang libong pag-ilag sa sinag, pagpapaliit ng sarili sa pagitan ng mga upuan para di-makita at di-mapansin. Sa gitna

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

ng kaguluhang ito ay may mga sadyang natututukan ng liwanag pero di pa rin mawari kung sino, ano, bakit. Maraming estratehiya dahil kailangang sumabay sa pihit ng panahon at kalagayan ng lipunan. Ngunit, nararapat lamang na—sa bawat pagsubok natin para sa malayang bukas, gaya ng mga nauna nang pelikula at panitikan at iba pang teksto na nais magliwanag, gaya ng kabuoang pagtatanghal at pag-aangkin ng espasyo at katawan sa advanced screening ng *Some Nights I Feel Like Walking*, labas sa merits ng nasabing pelikula—usisain at siyasatin ang mga paghakbang na isinasaalang-alang ang kapakanan ng iba, kamulatan ng iba, karapatan ng iba, lalo na iyong mga yumayabong at namumukadkad lamang sa dilim.

And I, thank you.

Sa huli, babalikan ko si Jose Esteban Muñoz, na tumaya sa pagrampa bilang praktikang panlipunan na naggigiit ng malayang bukas, bilang isang utopian gesture: "These glimpses and moments of contact have a decidedly utopian function that permits us to imagine and potentially make a queer world" (55). Tumataya ang queer body sa tuwing tatangkain ng kamay na umabot ng iba pang kamay, sumapo ng laman na hindi kaniya; nangangahas ang mga mata na titigan sa dilim ang hindi maaninag; nangangarap ang kumakabog na puso sa mga baka-sakali ng pagtayo, pag-upo, pagdating, at pag-alis. Tagumpay ang advanced screening—ang buong performance bago at habang—na tumanaw ng bukas, sa panandaliang pagsabog ng aliw, ng hiyawan at tilian, na hindi maaaring ulitin o nakawin sa atin, malay man ito sa sariling tumbling o hindi. Makikita ito sa pagtatapos ni Pie Gonzaga sa isinulat na article sa *Rolling Stone*. Sabi niya:

> ... everything from the Grindr promo to the soundtrack and even the premiere venue sought to transport the audience into the dank, feverish world of Some Nights I Feel Like Walking. I've never experienced a movie premiere like that, and it will never be replicated again. (Gonzaga)

Tingin ko, ang advanced screening at patong-patong nitong performances, gaya ng pagrampa at lahat ng gestures na kailangang i-perform dito, ay maaaring tingnan bilang panandaliang pagsilip sa isang bukas na malayang magtagpo ang queer bodies sa liwanag. Na pupuwedeng hindi matakadaan ng kapital o piyudal na relasyon o patakaran ng estado ang mga dapat ipinapalabas sa sinehan, ang mga nakapapasok sa loob ng sinehan. Puwede talagang may ukay-ukay. Puwede ring may macho dancer. Puwede ring wala talagang pelikula sa sinehan, walang ticket, pero marami pa ring taong papasok at magpapalipas ng oras, gaya ng paglalagi ng tatay ko sa Centerpoint para lang makalibre ng aircon sa pagpapahinga.

Hindi ko rin napigilan ang sarili na bumalik, para tingnan kung kilala ko pa rin ang Isetann Cinerama Complex. Napakaliwanag ng Isetann, tipikal sa tipikal na mall. Walang disenyo at borloloy ang escalator, hindi gaya sa alaala kong kumikislap-kislap na blue lights sa bawat ring ng tunnel na gawa sa salamin at bakal. Pag-akyat ay isang student lounge ang sumalubong sa akin, na pugad ng napakaraming estudyanteng nakaupo sa kani-kaniyang mesa at nakasalampak sa mga bean bag sa sahig, nag-aaral o nagkukunwaring nag-aaral. Hindi ko naamoy ang pirming alimuom, ang basang bakal at semento, kundi melted butter ng ibinibentang popcorn at karne ng iniinit na hotdog. Ang nakalista sa Now Showing ay mga pelikulang Hollywood, puro horror, liban sa isa. Wala na ang dibisyon ng mga tao sa magkabilang panig ng escalator, samantalang ang escalator pababa ay sarado at under construction. Bumaba ako sa kurbang hagdan sabay ng tatlong estudyanteng narinig kong nagtatalo kung saan magkakape. Tumungo ako sa escalator para umakyat muli, pero ganoon pa rin. Hindi na ako makapasok sa sinehan. Hinuha ko, nabasa ng mall ang intensiyon ko, pagpasok na pagpasok pa lang. Kundi rarampa ay hindi gagana ang portal. Ganoon din kaya sa advanced screening? Dito ba talaga sila nagdaos ng event, dito ba humiyaw ang mga tao sa gumigiling na katawan ng lalaki, dito ba nagsalita ang direktor at nagpakilala ang mga artista? Kung magpapalabas lang ng pelikula ngunit di magpapalabas, tunay kayang nasa Isetann? Isa pa, sabi ko sa sarili, isa pang akyat bago umuwi, baka sakaling sa susunod na pag-akyat sa escalator ay bubukas ang kumikislap na ilaw, blue iyon sa pagkakatanda ko, pero kahit ano ay okay lang, kahit pink, o green. Isa pang akyat, alas-kuwatro pa lang naman ng hapon.

Mga Sanggunian

A film by Petersen Vargas. "Promo for the advanced screening of 'Some Nights I Feel Like Walking,' featuring a teaser on how to win tickets to the invite-only event." *Facebook*, 19 Agosto 2025, www.facebook.com/share/v/1Zi6oZy1ZS.

Alba, Lawrence. "Petersen Vargas Talks About Some Nights I Feel Like Walking." *Vogue Philippines*, 8 Setyembre 2025, vogue.ph/lifestyle/entertainment/petersen-vargas-some-nights-i-feel-like-walking.

Bb. Melanie. "Ganti." *Todo sa Bongga*, 8 Enero 2011, todosabongga.blogspot.com/2011/01/ganti.html.

Bulaklak sa City Jail. Idinirehe ni Mario O'Hara, Cherubim Films, 1984.

Cinema Bravo. "SOME NIGHTS I FEEL LIKE WALKING movie premiere intro speech with cast, crew, celebs." *YouTube*, 22 Agosto 2025, www.youtube.com/watch?v=HtZQR7XRZcA.

De Villiers, Nicholas. *Opacity and the Closet: Queer Tactics in Foucault, Barthes, and Warhol*. U of Minnesota P, 2012.

Gonzaga, Pie. "'Some Nights I Feel Like Walking' Premiere in Isetann Recto." *Rolling Stone Philippines | Music, Culture, Social Issues*, 22 Agosto 2025, rollingstonephilippines.com/culture/film-tv/some-nights-premiere-isetann-recto.

Goodbye, Dragon Inn. Idinirehe Ming-liang Tsai, Homegreen Films, 2003.

Muñoz, José Esteban. *Cruising Utopia, 10th Anniversary Edition: The Then and There of Queer Futurity*. NYU P, 2019.

Pascual, Chuckberry. *Pagpasok Sa Eksena: Ang Sinehan Sa Panitikan at Pag-aaral Ng Piling Sinehan Sa Recto*. U of the Philippines P, 2013.

PÖFF, Tallinn Black Nights Film Festival. "Some Nights I Feel Like Walking I PÖFF28." *YouTube*, 18 Oktubre 2024, www.youtube.com/watch?v=rfgoASqbg7E.

Vince. "Know Your PLU Rights!" *Discreet Manila*, 14 Mayo 2008, discreetmanilablog.blogspot.com/2008/05/know-your-plu-rights.html.